Kyo.Prot.N.67/2024

November 24, 2024

***Pagsalubong sa Taon ng Iubileo 2025: Mga Manlalakbay ng Pag-asa***

Mga minamahal kong Kapatid sa Diyosesis ng Kyoto,

***Ang Biyaya ng Taon ng Iubileo 2025***

Ang Taon ng Iubileo ng Simbahang Katoliko ay hinango sa kabanata 25 ng aklat ng Levitico ng lumang Tipan. Ito ay isang mahalagang pagkakataon sa mga Hudyo na nagaganap kada ika 50 taon na kung saan inaalala nila ang kanilang kalayaan sa pagkaalipin at pagbabalik sa lupang pangako. Noong taong 1300 ang Santo Papa Banifacio VIII ay pinagtibay ang kaunaunahang pagdiriwang nito sa Simbahang Katolika.  Simula noon ang Taon ng Iubileo ay ipinag diriwang kada ika 25 taon, naglalayon ito na maranasan ng bawat mananampalataya bilang isang mahalagang biyaya sa kanilang buhay.

Ang Taon ng Iubileo ay isang panahon na humihikayat sa pagbabalikloob. Sa buong taon ng pagdiriwang ng Taon ng Iubileo, ang Simbahan ay nagbibigay sa mga mananampalataya ng ibat ibang pagkakataon upang tumanggap ng indulhensya, ang biyaya ng pagbabayad puri na may kaakibat na kapatawaran sa mga kasalanan. Habang mas pinalalalim ang pananampalataya sa pamamagitan ng panalangin at paglalakbay, makakamtan ang ganap na indulhensya o kapatawaran sa mga nagawang kasalanan kung magagawa ang mga panuntunan ukol dito. Ang Taon ng Iubileo na ipinag diriwang ng buong Simbahan ay nagdudulot ng pagkakaisa na nagiging daan din upang mas mapatatag ang ugnayan ng bawat mananampalataya.

***Ang Pagpapahayag ng Taon ng Iubileo 2025***

Sa dikreto na inilabas noong Mayo 9, 2024, ang Santo Papa Fransisko ay tinawag na “Paglalakbay ng Pag-asa” ang Taon ng Iubileo 2025.  Sinimulan niya ito sa pamamagitan ng paggamit sa sulat ni Apostol San Pablo sa mga taga Roma “ang pag-asa ay hindi nangbibigo” (Rm 5:5), bilang pagpapatuloy, sinabi niya: kinausap ni Apostol San Pablo ang mga Kristyano sa Roma. “Sa Diwa ng Pag-asa, si apostol Pablo ay nagbigay ng lakas ng loob sa pamayanang Kristiyano sa Roma sa diwa ng pag-asa. ...nakikiisa ako sa mga Manlalakbay ng Pag-asa na makikilahok sa pagdiriwang Taon ng Iubileo sa Roma, gayun din, bagama’t hindi makakarating sa syudad nina Apostol Pedro at Pablo, ay magdiriwang naman nito sa mga simbahang itinalaga ng bawat Diyosesis sa buong mundo para sa paggunita nito.

Nawa ang pagdiriwang na ito ay maging pagkakataon ng tunay na pakikipagtagpo sa Panginoong Hesus, ang “Pintuan” (cf. Jn. 10:7.9) ng ating kaligtasan, na kung saan ang Simbahan ay inatasan na magpahayag. Nawa'y maging panahon ito ng masigla at personal na pagtitipon. Ang simbahan ay may misyon na ipangaral ang Panginoong Hesus bilang “aming pag-asa" (1 Timoteo 1:1) sa lahat, anumang oras at saan man.

Ang Santo Papa ay umaasa na ang mga mananampalataya ay mapaalalahanan ng pag-ibig at pag-asa ng Diyos, nang sa gayun ay makapag bigay din sila ng pag-asa sa mga nasa bilangguan, mga may sakit, suporta sa mga kabataan, kanlungan at edukasyon sa mga refugee at migrante, kapatiran at paguunawaan sa pagitan ng ibat ibang henerasyon, at mataas na pagtingin sa mga

mahihirap.

***Simbolo ng Pag-asa***

Ang apat na larawan sa logo ng Taon ng Iubileo 2025 ay kumakatawan sa lahat sangkatauhan sa mundo. Magkakayakap na nagpapakita ng kapatiran at pagkakaisa na nagbubuklod sa lahat. Si Kristo na mayhawak na Krus ang nangunguna. Sa ilalim nila ay ang mga alon tanda ng paghihirap na kinakaharap natin sa ating buhay paglalakbay, samantalang ang mahabang Krus ay nagsisilbing angkla, sumasagisag sa pag-asa at paglalakbay nang may pananampalataya.

Ang Santo Papa ay nakikita ang Taon ng Iubileo na isang pagkakataon upang makita natin ang "palatandaan ng panahon" at humihikayat sa atin na makita ang mga magagandang bagay sa mundo sa halip na ipagpalagay na nagapi natin ang kasamaan at karahasan. Sa makatuwid, tayo ay inaanyayahan na palitan ang pananaw ng "palatandaan ng panahon" sa "Palatandaan ng Pag-asa" at pasulong na dala ang matinding pagnanais na matunghayan ang kaligtasan na nag mumula sa Panginoon.

Kaugnay nito, ang Santo Papa ay nananawagan ng kapayapaan, wakasan ang giyera at hindi pagkakaunawaan, na ang pera ay magamit hindi upang bumili ng mga armas pangdigma, sa halip ito ay magamit na pandaigdigang pondo para mawakasan ang pagkagutom. Siya ay nananawagan din na kanselahin ang pagkakautang ng mga bansang mahihirap na walang kakayahan makapag bayad. Ayon nga sa (Hebrews 6:19), "Ang pag-asang ito ang siyang matibay at matatag na angkla ng ating buhay." Ito ay panawagan na huwag mawalan ng pag asa na ipinag kaloob na sa atin, sa halip ay makita ang ating lugar sa Diyos at manatili dito.

***Ang Pagbubukas ng Taon ng Iubileo at ang Pintuan ng Iubileo (Porta Santa)***

Sa Taon ng Iubileo, may tradisyon na ang mga manlalakbay ay bumibisita sa apat na Basilika sa Roma at daraan sa "Pintuan ng Iubileo" na binubuksan lamang sa mga taon na kung saan ipagdiriwang ito. Ang kaugalian na ito ay nagmula sa sa turo na si Kristo ang pintuan nang ating pakikipag niig sa Panginoon at ang "Daan, Katotohanan at Buhay" papunta sa Ama. Ang mga manlalakbay na daraan sa pintuan na ito ay nagpapahayag na si "Kristo Hesus ay Panginoon." At inaalala ang kapatawaran na ibinigay sa atin ng Panginoon upang tayo ay mamuhay sa bagong buhay.

Sa darating na December 24, 2024, Martes, sa gabi ng bisperas ng Pagsilang nang Panginoon, ang pintuan ng Iubileo sa Balisika ni San Pedro ay bubuksan ng Santo Papa na siya ding hudyat na ang Taon ng Iubileo ay pormal nang sinisimulan.

At sa susunod naman ng Linggo, December 29, sa Kapistahan ng Banal na Pamilya, ang pintuan ng Iubileo sa John de Lateran ang bubuksan. Sa kaparehas na araw, base sa direktiba ng Santo Papa ay opisyal nang bubuksan ang ang Taon ng Iubileo sa Diyosesis ng Kyoto sa pamamagitan ng Banal na Misa na isasagawa sa katedral ng Kawaramachi. Sa ika 1 ng Enero 2025, Miyerkules, kapistahan ni Maria, Ina ng Diyos, ang pintuan ng Taon ng Iubileo sa basilica ng Sta. Mary Major, at sa susunod na Lingo, Enero 5, 2025, ang kapistahan ng Epipanya, ang Pulta ng Iubileo sa St Paul Outside Walls ay pasisinayaan.

Maliban sa St Peter ang tatlong pintuan ng Iubileo ay isasara sa December 28, 2025, Linggo, bilang hudyat ng pagtatapos nito sa mga munting pamayanang simbahan. Samantalang sa ika 6 ng Enero 2026, Martes, ang pintunan ng Iubileo sa St Peter Basilica ay isasara bilang tanda

ng pormal na pagtatapos ng selebrasyon ng Taon ng Iubileo 2025.

***Mga Simbahang itinalaga ng Diyosis ng Kyoto***

Ang Pilgrimage ay isang pangunahing elemento ng Jubilee, at umaasa ang Papa na sa darating na Jubileo, patuloy itong mararanasan ng "manlalakbay nang pag-asa" sa pamamagitan ng tradisyonal at kontemporaryong paraan ng paglalakbay.

Ang mga Banal na Lugar para sa Pilgrimage sa Diyosesis ng Kyoto ay ang mg sumusunod; Katedral sa Kawaramachi, mga simbahan sa Miyazu, Fukuchiyama, Nara, Otsu, Suzuka, at Yokkaichi.

Para sa mga may kapansanan at matatanda na walang kakayanang maglakbay, kayo ay makakatangap ng indulhensya ng Taon ng Iubileo sa pamamagitan ng pag tanggap ng Banal na Komunyon o sa pamamagitan ng pag dalo sa Misa, pagdarasal o sa pamamagitan ng telibisyon at radio.

***Indulhensya***

Bagama't maaari tayong makagawa ng kasalanan at mapalayo sa daan ng Panginoon dahil sa ating mga kahinaan, ang awa ng Diyos ay ibinuhos sa pamamagitan ng pagpapatawad sa ating mga kasalanan. Ang pagpapatawad sa kasalanan ay kadalasan ibinibigay sa Sakramento ng Kumpisal, ngunit upang mawala ang peklat ang "penitensya" ay kinakailangan sa pamamagitan ng panalangin o paggawa ng mabuti base sa rekomendaston ng pari. Wag sana natin makalimutan na ang ang indulhensya ay eksemsyon mula sa "penertensya" at ito ay hindi kapatawaran ng kasalanan.

Sa pagkalahatan, sa mga nagnanais na tumanggap ng indulhensya ay kinakailangan na Malaya mula sa kasalanang mortal at nakikiisa sa puso ng Diyos. Mangumpisal, magsimba, magpahayag ng pananampalataya, mag alay ng mga panalangin para sa Santo Papa, simbahan, at sa mundo. Ang indulhensya ay hindi lamang nakalaan para sa sarili, maaari din iutong ialay para sa kaluluwa nang mga nauna na sa atin bilang tanda nang paggawa ng kabutihan para sa mga namatay.

***Pangwakas***

Ang Santo Papa ay nananawagan na maging mga manlalakbay tayo ng pag-asa sa pagharap natin sa Taon ng Iubileo 2025. Sa ating Diyosesis, gamitin natin ang pagkakataon na ito upang papanumbalikin natin ang pag-asa at pananampalataya, upang maranasan natin ag pag-ibig ng Diyos, at mapanatili ang pag-asa lalo na sa mahirap na sitwasyon natin sa ngayun. Magpatawaran tayo sa mga pagkakamali na nagawa natin sa nakaraan at magkaroon na lakas ng loob na magpatuloy sa paghakbang, sinusuportahan ang bawat isa sa diwa ng sinodaliti.

Para sa karagdagang impormasyon maaaring bumisita sa opisyal na websites nang Catholic Bishops' Conference of Japan at nang Diyosesis ng Kyoto.

✙Lubhang Kagalanggalang Paul Yoshinao Otsuka, D.D.
Obispo ng Kyoto